# PANG-APAT NA LINGGUHANG PAGSUSULIT SA ESP I
## Unang Markahan

**Pangalan:**_________________________________**Petsa:** _________________**Iskor:** ___________

***I. Panuto***: Isulat sa patlang ang titik ng tamang sagot.

_____1. *Matanda na ang Lolo ni Aga kaya makulit na ito at paulit-ulit na lang ang sinasabi. Paano kaya siya dapat itatrato ng pamilya?*

A. Sigawan kung kakausapin siya.
B. Huwag na lang kausapin ang lola.
C. Magpakita ng giliw sa pakikipag-usap sa kanya para malibang.

_____2. *Si Lola Nena ay hindi napigilang umihi sa kanyang salawal. Bilang apo ano ang dapat mong ipakita sa kanya?*

A. Magagalit at maiinis ka
B. Isusumbong mo sa nanay na pagalit dahil nangangamoy ihi na naman kayo.
C. Asikasuhin at tulungan bihisan si lola.

_____3. *Kasama ni Liza ang kanyang Lola. Ibig ni Liza na manood sila ng sine. Gusto naman ng Lola niya na umuwi na ng bahay para makapagpahinga. Ano ang dapat gawin ni Liza?*

A. Pauwiing mag-isa ang lola.
B. Sisihin ang lola dahil sumama-sama pa siya.
C. Pagbigyan ang matanda at manood na lang sa ibang pagkakataon.

_____4. *Nagluluto ang nanay at biglang umiyak ang bunso mong kapatid. Hindi agad mapuntahan ni nanay dahil alanganain ang kanyang luto at baka ito ay masunog. Paano mo maipapakita ang malasakit mo sa kanya?*

A. Sundin ang anumang utos ng magulang.
B. Puntahan si bunso at alagaan muna
C. Pagalitan si bunso dahil naistorbo ang iyong panonood ng TV.

_____5. *Hindi naibili ng iyong magulang ang gusto mong laruan noong kayo ay namasyal sa SM dahil kulang ang dala niyang pera. Ano ang tamang gawi ang iyong ipapakita?*

A. Magdadabog ka
B. Maglulumpasay ka para mapilitang bilhin ni tatay ang gusto mo.
C. Unawain si Tatay at Nanay

______6. *Pawis na pawis si Mama nang dumating sa paaralan dahil naglakad lang siya papunta sa paaralan para sunduin ka. Paano mo maipakita ang pagmamahal at malasakit mo sa kanya?*

A. Pupunasan ang pawis niya at yakapin
B. Yayain na kaagad umuwi dahil nagugutom ka na
C. Magtakbuhan muna para makagpahinga si Mama.

______7. *Nakita mo na umiiyak ang isang kaklase mo dahil wala siyang baon pagkain. Ano ang gagawin mo?*

A. Tutuksuhin mo siya
B. Bibigyan mo siya dahil marami ka namang baon
C. Magkukunyaring di mo nakita

______8. *Nakita mo na inaaway ng mga bata ang kaklase mo. Ano ang una mong gagawin mo?*

A. Aawayin mo rin sila.
B. Tutulungan mo ang kaklase
C. Magsumbong sa guro

_____9. *Namalengke ang nanay. Wala pa siya nang magising si Bunso. iyak ito nang iyak at hinahanap ang nanay. Ano ang gagawin mo?*

A. Papaluin mo siya.
B. Makikisabay ka sa pag-iyak niya.
C. Lilibangin o lalaruin mo siya para tumigil sa kakaiyak.

_____10. *Paano ninyo maipakikita ang malasakit sa inyong kasambahay na maysakit* ?

A. Iiwasan ko ang paglikha ng ingay kapag may natutulog o maysakit sa bahay.
B. Maghabulan sa bahay.
C. Lakasan ang radio o telebisyon.

_____11. *Nais mong kumuha ng piniritong manok pero ito'y malayo sa iyo. Ano ang iyong sasabihin?*

A. Pahingi ng manok. B. Pakiabot nga po ng manok C. Hoy! Manok nga.

_____12. *Masarap ang inyong ulam. Paano mo ito sasabihin sa nanay?*

A. Ilakas ang pagnguya.
B. Ubusin lahat ang ulam.
C. Purihin ang nanay at sabihin na masarap ang niluto niya.

II. Panuto: Isulat ang Tama o Mali sa patlang.

_______13. Masaya ang mag-anak na laging nag-aaway.

_______14. Ang mag-anak na masaya ay nakasisiya.

_______15. Masaya ang mga anak kung magkahiwalay ang mga magulang.

_______16. Ang masayang pamilya ay may panahon para sa isat-isa.

_______17. Ang pagtulong sa mga gawaing-bahay ay nakapag-aambag ng kasiyahan sa ating pamilya.

_______18. Mag-anak na sama-sama sa pagdarasal, Pinakikinggan ng Maykapal.

_______19. Dapat tayong magpasalamat sa Diyos sa mga Biyayang ibinibigay niya.

______20. Tumigil na sa pagdarasal kapag matagal makuha ang hinihiling sa Diyos.

Sangay ng Lungsod ng Antipolo
Distrito I-B
PAARALANG ELEMENTARYA NG BAGONG NAYON II

TALAAN NG KASANAYAN SA EDUKAYON SA PAGPAPAKATAO (ESP) I
Pang-apat na Lingguhang Pagsusulit

T.P. 2017-2018

| KASANAYAN | BLG. NG AYTEM | KINALALAGYAN |
|---|---|---|
| 1. naipadarama ang pagmamahal sa mga kasapi ng mag-anak sa pamamagitan ng paggawa nang mabuti.<br>- pag-alaalala sa mga kasambahay<br>- (lolo at Lola) | 4 | 1-3.10 |
| - 2 naipadarama ang pagmamahal sa mga kasapi ng mag-anak sa pamamagitan ng paggawa nang mabuti.<br>- pag-alaalala sa mga kasambahay (nanay at tatay) | 3 | 4-6 |
| - 3 naipadarama ang pagmamahal sa mga kasapi ng mag-anak sa pamamagitan ng paggawa nang mabuti.<br>- pag-alaalala sa mga kapwa-bata<br>- (kalaro/kamag-aaral) | 2 | 7,8 |
| - 4. naipadarama ang pagmamahal sa mga kasapi ng mag-anak sa pamamagitan ng paggawa nang mabuti.<br>- pag-aalaga sa nakababatang kapatid | 1 | 9 |

| | | |
|---|---|---|
| - napahahalagahan ang pagkakaroon ng masayang pamilya.<br>- Nakapag-aambag ng kasiyahan sa pamilya sa pamamagitan ng pagtulong sa mga gawain.<br>- pagsasama-sama sa pagkain<br>- pagsasama-sama sa pagdarasal | 10 | 11-20 |

## SUSI SA PAGWAWASTO SA ESP I

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. C | 6.A | 11.B | 16.T |
| 2. C | 7.B | 12.C | 17.T |
| 3. C | 8.A | 13. M | 18.T |
| 4. B | 9.C | 14.T | 19.T |
| 5. C | 10.A | 15.M | 20. M |